REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 90-149**

**KAPASIYAHAN NA INIINDORSO NG SANGGUNIANG BAYAN ANG APLIKASYON NG COUNTRY COMMUNICATIONS NETWORK, INC. NA MAKAPAGLAGAY NG CABLE TELEVISION SYSTEM SA MUNTINLUPA NA "NON-EXCLUSIVE IN NATURES" UPANG MAPAG-IBAYO ANG "INFORMATION DISSEMINATION", EMERGENGY ANNOUNCEMENTS" AT "LIVECOVERAGES" NG MAHAHALAGANG LOKAL NA PANGYAYARI AT ANG PAGKAKAROON NA RIN NG MABILIS, MALAWAK AT MALINAW NA MASASAGAP AT MAPAPANOOD NA NAUUKOL SA SPORTS, ENTERTAINMENT, BALITA AT IBA PA NA MANGGAGALING PA MULA SA IBA'T-IBANG LUGAR SA KAPULUAN AT IBANG BANSA.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng cable television (CATV) o community antenna television ay iinstila ang special antenna system sa isang mataas na tower upang makatanggap at makasagap ng malinaw at malakas na signal at resepsiyon ang television at radyo na hindi maibibigay ng pangkaraniwang antenna lamang na inilalagay sa bubong ng bahay;

SAPAGKAT, sa pagkakaroon ng CATV ay halos pinag-iisa at pinagsasama sa iisang layunin ang sinumang tao dahil sa pagkakasabay-sabay ng pagkakaalam ng mga nangyayari sa isang dako, halimbawa'y sa Muntinlupa, Europa at Amerika;

SAPAGKAT, ang CATV ay isang bagong sistema na dinisenyo upang makatanggap ng pinakamabuting uri ng TV signal at FM multiflex signal na nagmumula sa Metro Manila stations o satellite stations sa pamamagitan ng pinakabuo o nag-iisang (centralized) receiving antenna system o head-end;

SAPAGKAT, sa pagkakaroon ng CATV ay madaragdagan ang TV service tulad ng pagkakaroon ng mga bagong program channels,mga ninanais na Metro Manila's FM Multiplex stations, mga piling pelikula na walang antala ng mga pag-aanunsiyo, physical fitness programs o kalusugan pangkatawan at isip, mga impormasyon o lokal na channel na nagtatampok ng mga lokal na balita at pangyayari at mga programa tungkol sa pang-edukasyon;

SAPAGKAT, maiiwasan ang panganib o peligro ng pagkasira ng antenna na inilalagay lamang sa bubong ng bahay sa panahon ng bagyo dahil sa ang CATV ay gumagamit ng special co-axial o fiber optic cables na inilalagay sa kalye at ikinakabit sa mga poste na ginagamit ng mga kompanya ng telepono at elektrisidad at ikinakabit ng direkta sa TV set ng subscriber;

SAPAGKAT, sa CATV, ang pamilya ay abot-kamay ang pinakamurang pagkukunan ng mataas na uring aliwan sa bahay;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN



NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na iniindorso ng Sangguniang Bayan ang aplikasyon ng Country Communications Network, Inc. na makapaglagay ng cable television system sa Muntinlupa na "non-exclusive in nature" upang mapag-ibayo ang "information dissemination", "emergency announcements" at "live coverages" ng mahahalagang lokal na pangyayari at ang pagkakaroon na rin ng mabilis, malawak at malinaw na masasagap at mapapanood na nauukol sa sports, entertainment, balita at iba pa na manggagaling pa mula sa iba't-ibang lugar sa kapuluan at ibang bansa.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 110 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-11 ng Hunyo 1990 sa bulwagan ng Pambayang Taga-usig.

PINAGTIBAY :

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Pangulong Opisyal/Punong Bayan

PINATOTOHANAN :

Mggl. RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan

---

INSISPONSOR NG BUONG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN :

KGG. CARLO G. TENSUAN
KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
KGG. ROMAN E. NIEFES
KGG. NEMESIO O. MOZO
KGG. RUFINO B. JOAQUIN
KGG. ROGER C. SMITH
KGG. NOLASCO L. DIAZ
KGG. VICENTE YU CHUA

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punongbayan/Pang.Pangulong Opisyal

HINDI DUMALO :

KGG. REY E. BULAY
KGG. EPIFANIO ESPELETA